タガログ語

【Bosai Jyoshi】

# 防災女子

Pambabaeng Gabay Sa Oras Ng Kalamidad

**Manual Para Sa Oras Ng Kalamidad At Krimen**

**～Akanomamori～**

Himpilan Ng Pulisya Ng Shizuoka

*Tupiin at guhitan ng linya pababa at ilagay sa pitaka.

①

## ～Para Sa Mga Biktima Ng Kalamidad～

Taos puso kaming nakikiramay sa mga biktima ng mga kalamidad.Sa pulisya ginawa namin ang babala para sa kalamidad para makatulong sa lahat ng nangangailangan lalong lalo na doon sa mga nakaranas na o naging biktima na ng kalikasan. Sana makatulong itong [Akanomamori] (lalong lalo na sa mga kababihan at kabataan ang manual)na ginawa ng awtoridad.

Sana makatulong ito sa inyong araw araw na pagkabahala. Inaasahan namin ang inyong pakikiisa.

## ～Dapat Alamin!～

- **Ang mga kababaihan at mga kabataan ang pinakamahirap pag may mga kalamidad na ganito.**

Kapag medyo matagal na sa shelter, makakaramdan na ng stress, pagkainip na nagiging sanhi ng gulo.

Napag alaman din sa buong mundo na mas mahirap ang kalagayan ng mga kababaihan at mga kabataan (kasama na ang mga bagong panganak) sa oras ng kalamidad.Kapag nasa shelter hinde maiiwasan ang na may magaganap na pambabastos,pagnanakaw at iba pang hinde iniiwasang pangyayari .

②

## ～Magtanong～

Kapag may gulo at problema sa loob ng shelter, Ipaalam kaagad sa pulisya o kaya sa lugar na may babaeng awtoridad na mapapantanungan!

◇Pinakamalapit Na Himpilan Ng Pulisya

| Numero Ng Telepono : |
|---|

◇ Center na pinamumunuan ng mga kababaihan
( DV Numero Ng Tanungan)

| Numero Ng Telepono : |
|---|

※ Isulat at itago and numero para sa oras na kailangan!

③

## ～Sa mga biktima ng DV. Stalker～

- **Mag iingat sa pagsusulat at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa sarili.**
- **Ipaalam sa pulisya kung saan nakatira.**
- **Huwag mag atubiling pumunta na kaagad sa pulisya!**

Mag iingat sa pagsusulat at pagbibigay ng impormasyon ng sarili baka may nakakabasa sa kapaligiran mo habang nagsusulat. Humanap ng ligtas na lugar habang nag susulat.Kapag may problema tungkol sa DV at STALKER kinakailangan ipaalam kaagad sa pulisya, Kinakailangan ipaalam mo kaagad kung saan ka nakatira.

## ～Kapag May Masamang Pangyayari Pa～

- **Kinakailangan ipaalam kaagad sa mga tauhan ng shelter at sa pulisya.**
- **Kapag emergency tumawag kaagad sa 110!**

Kapag may mga nararamdamang hinde maganda sa kapaligiran, tumawag at ipaalam na kaagad sa pulisya.Makipag usap sa safe na lugar.

Kung sakaling natatakot o nahihiyang makipag usap, humanap o makipag ugnayan sa mga nagtratrabaho sa shelter na mga kababaihan.

## ～Makipaglaban!～

- **Iwasang mag isa.**
- **Mag iingat sa pag uwi ng bahay.**
- **Tulong tulong bantayan ang mga kabataan.**

Iwasang dumaan sa mga madidilim na lugar.Hanggat maaari dumaan samataong lugar. Kapag may makasalubongna masamang tao dapat sumigaw athumingi ng saklolo! (Takot sa malakas na boses at tunog ang mga taong may masamang gawain)

Kahit nakarating na sa bahay mag iingat pa din.Kailangan bantayan and mga bata habang naglalaro at kinakailangan iplano ang tamangoras at lugar ng kanilang paglalaruan!

## ～Makilahok!～

- **Gumawa at umiwas ng mga bagay para malayo sa krimen.**
- **Lalake man o babae tumulong sa mga gawain sa loob ng shelter.**

Napakalaking bagay kung gagawa ng pribadong space sa toilet, sampayan, para makaiwas sa krimen. Importante ang mga salita ng mga kababaihan. Ilabas at ipaalam ang nasa loobin.

Sumali sa pulong pulong dahil malaki ang maitutulong nito.